# ARALIN 3: MGA GAMIT NG MGA NAGAWANG 3 DIMENSIONAL CRAFT TULAD NG MOBILE, PAPER MACHE AT PAPER BEADS

## INAASAHAN:



-Natutukoy ang kahalagahan ng iba't ibang likhang sining o 3 dimensional crafts.
-Naiuugnay ang sining sa pangkabuhayan.
-Nakagagawa ng likhang sining na maaaring gawing pangkabuhayan.

## BALIK-TANAW


Ipaliwanag kung paano ginagawa ang paper beads paper mache at mobile.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang ***mobile art*** ay puwedeng gawing dekorasyon sa ating mga pinto at bintana. Isa itong likhang sining na kahali-halinang tingnan dahil sa makukulay at iba't iba nitong dekorasyon.







Ang ***paper mache*** ay gawa sa lumang dyaryo na pinagdikit-dikit at hinulma sa molde. Nilalagyan ito ng iba't ibang disenyo na lalong nagpapaganda sa likhang sining na ito na ginagawang dekorasyon o palamuti. Ilan sa mga obra na kilala ay ang takang kabayo, anghel, dekorasyong pampasko at marami pang iba.





Ang ***paper beads*** ay isang likhang sining na magandang pagkakitaan. Ito ay gawa sa binilog na maliit na papel at tinuhog upang gawing palamuti sa katawan tulad ng kuwintas, pulseras at maging palamuti sa bahay tulad ng kurtina.

Ang mga disenyong nalikha ay nagpapakita ng iba't ibang katangian ng mga Pilipino gayundin, sumasalamin ito sa kultura ng lipunang ginagalawan.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Basahing mabuti ang tanong at magbigay ng dalawang pangungusap na sagot. **(5 puntos sa bawat tanong**)

1.Bakit kailangan ang pagiging malikhain at maparaan sa paggawa ng likhang sining?

_______________________________________________________________

This is a Government Property. Not For Sale

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

2. Paano mapapakinabangan ang ginawang likhang sining?________________________________________

_______________________________________________________________

## GAWAIN 2

**Panuto**: Gumawa ng isang likhang sining batay sa ating pinag-aralan na maaaring pangkabuhayan at puwedeng ibenta upang gawing palamuti o dekorasyon. **Isulat ang hakbang** sa gagawin mong likha. Lagyan ng pamagat o pangalan hal. **"kwentas na papel" - beads.**

**Rubriks**

| Pamantayan | Nakasusunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan(5) | Nakasusunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang(3) | Hindi nakasusunod sa pamantayan(2) |
|---|---|---|---|
| 1. Nakabuo ng isang orihinal na disenyo. | | | |
| 2. Naipahayag ang kaisipan at damdamin sa disenyong ginamit sa nilikhang sining. | | | |
| 3.Naipakita ang kahusayan sa paggawa. | | | |

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Isulat ang mga hakbang sa paggawa ng mobile.

1.____________________________ 4.______________________________

2. ____________________________ 5. ______________________________

3. ____________________________

## SANGGUNIAN

Halinang Umawit at Gumuhit 5 Teacher's Guide pages 115-117
-Hazel P. Copiaco, Emilio S. Jacinto Jr.
K to 12 Learning Module/Material in ARTS for Grade 5

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**
**BALIK TANAW**
Maaaring magkaiba ang mga sagot.
**GAWAIN 1**
Maaaring magkaiba ang mga sagot.
**PAG-ALAM SA NATUTUNAN**
1.Ihanda ang lahat ng mga kagamitang gagamitin.
2. Gumupit ng nais niyong hugis o disenyo.
3. Gumamit ng alambre, makapal na tali o pisi upang isabit ang mga palamuti.
4. Idikit ito sa pamamagitan ng pandikit o matibay na glue.
5. Ilagay sa hanger at isabit ng maayos ang nagawang mobile sa dingding o kisame.



**(This is a Government Property. Not For Sale.)**